# Ang Sunglass Ni Karl

*Jhobilyn Arce Millares-IGLOSO LPT*

Nag mamay-ari ng tindahan ng makukulay na mga salamin sa mata si Karl ang labing anim na taong binata, siya narin ang modelo ng kanyang tinitinda, araw-araw hinihikayat nya ang mga dumaraan na bumili ng kanyang mga paninda.

Minsan marami siyang benta, minsan kakaunti lamang pero patuloy parin siya sa kanyang hanapbuhay,ang kanyang kinikita ay kanyang iniipon dahil may pinag lalaanan siyang mahalaga, Lingid sa kaalaman ng lahat ang ina ni Karl na si Magda ang lihim na natutuwa sa pagsisikap ng anak at lungkot dahil itoy hindi na nakakapag aral buhat ng maaksidente ito .

Isang araw may makisig na ginoo ang lumapit sa kanyang tindahan at nais pakyawin ang lahat ng kanyang mga tinda kasama na dito ang suot ni Karl.

Naku pasensya na po pero itong suot ko ay di ko benebenta wika ni Karl sa ginoo.

Doble ang ibabayad ko,umiiling parin si Karl.

May napansin ang Ginoo sa kanyang kaharap tila may kakaiba sa kanya,sinubukan nyang tanggalin ang salamin ng binatilyo at doon nya natuklasan na isa pala itong bulag,napaluha ang lalaki at nagwika.

Iho ako nga pala si Dr Jaime De La Merced isa akong Doctor sa mata, at kung mamarapatin mo ay nais kitang tulungan bukod pa sa bibilhin ko lahat ng paninda mo.

Napaiyak si Karl sa sobrang tuwa sa wakas di na nya kailangang mag ipon sa pagpapagamot ng kanyang mata dahil may tutulong na sa kanya.

Nagwika ang Doctor alam mo iho lagi nalang ako natatraffic sa lugar na ito araw araw din kita nakikita na suot ang makukulay na sun glasses na para bang walang problema at puno ng pag asa habang nag aalok ka ng bibili.kaya naisipan ko na lapitan ka,hindi pala ako nagkamali sapagkat may dahilan kung bakit lagi ako nagagawi dito. Upang ikaw ay bigyan ng mas makulay na buhay higit pa sa mga paninda mo.

Tuwang tuwa si Karl sa lahat ng kanyang narinig,pagkalipas ng anim na buwan naisailalim na sya sa isang eye transplant at naging matagumpay naman ito, pagkatapos nyang magpagaling bumalik sya sa pag aaral at pinili ang kursong makakatulong sa mga taong may deperensya sa paningin.Tuwang tuwa ang Doctor na tumulong sa knya tulad ng tulong na ibinigay sa kanya sya narin ang tumutulong sa iba bilang isang magaling na surgeon,Yung tindahan nya ng mga sunglasses patuloy na lumago at nagbibigay ng pag asa.